THE CROSS

# Si Maria na Taga-Magdala

WEEK 4

## WARM-UP

- Ikwento ang isang bagay na ngayon mo lang nalaman pero matagal nang alam ng karamihan. Ano ang naging reaksyon mo rito?
- Ikwento ang panahong may nanghikayat sa iyo na gawin ang isang bagay at ‘di nagtagal ay nagustuhan mo na rin. Ano ang nagpabago ng isip mo?
- Ibahagi ang isang bagay na naintindihan mo na talagang bumago sa pananaw mo sa isang tao o pangyayari. Ano ang naging punto ng pagbabago?

## WORD

1 *Kinaumagahan ng Linggo, habang madilim pa, pumunta si Maria na taga-Magdala sa libingan. Nakita niyang naalis na ang batong nakatakip sa pintuan nito.*
2 *Kaya tumakbo siya at pumunta kay Simon Pedro at sa tagasunod na mahal ni Jesus. Pagdating niya sa kinaroroonan nila, sinabi niya sa kanila, “Kinuha nila sa libingan ang Panginoon at hindi namin alam kung saan dinala.”* **JUAN 20:1–2**

(Basahin din ang **JUAN 20:3–18** at **LUCAS 8:1–3**.)

Si Jesus ay ipinako upang mamatay sa krus. Binalot ng pabango at telang linen ang Kanyang katawan at inihiga sa libingan. Sa isinulat ni Juan, hindi malinaw kung bakit bumisita nang maaga si Maria na taga-Magdala sa libingan. Maaaring gusto niyang tapusin ang ritwal ng paglibing, o kaya ay para magluksa. Ano pa man ang pakay niya, napili si Maria na maging isa sa mga taong unang makakakita sa libingan na walang laman at sa muling nabuhay na si Cristo. Tingnan natin kung paano nabago ang kalagayan ni Maria, mula sa pagiging api hanggang sa pagiging isang mahalagang saksi, dahil nakilala niya si Cristo.

## APPLICATION

- Paano mo nakilala si Cristo? Kung hindi pa, gusto mo bang hayaan Siya na baguhin ang buhay mo simula sa araw na ito?
- Ang pagkakaroon ng ugnayan kay Cristo ay higit pa sa mga mahimalang pagkikita. Paano ka nagpapatuloy na sumunod sa Kanya araw-araw?
- Ang mga panahong nakita natin si Cristo ay nagsisimula sa isang karanasan na nauuwi sa isang patotoo. Paano mo maibabahagi ang mga panahong nakita mo si Jesus at ang ugnayan mo sa Kanya sa isang kapamilya o kaibigan ngayong linggo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpapadala Niya ng Kanyang Anak na si Jesu-Cristo upang ihatid sa atin ang magandang balita at magbigay-daan para makasama natin Siya sa walang-hanggan.
- Ipanalangin na mas lumalim nang higit pa sa mga mahimalang pagkikita ang ugnayan mo kay Cristo.
- Humingi sa Diyos ng pagkakataong maibahagi ang iyong patotoo sa mga kamag-anak at kaibigan mo. Ipanalangin na makilala nila ang Diyos tulad ni Maria na taga-Magdala.

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2025 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Ruth Suson-Gloria, Esther Suson

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.

## 1 Pinalaya ni Jesus si Maria na taga-Magdala mula sa mga demonyo.

*[1]Pagkatapos, nilibot ni Jesus ang mga bayan at mga nayon ng Galilea. Nangaral siya ng Magandang Balita tungkol sa paghahari ng Diyos. Kasama niya ang 12 apostol [2]at ilang babaeng pinagaling niya sa sakit o pinalaya sa masasamang espiritu. Kabilang dito si Maria na taga-Magdala na pinalaya niya mula sa pitong masasamang espiritu . . .* **LUCAS 8:1–2**

Si Maria ay minsan nang namuhay sa ilalim ng pang-aapi ng pitong demonyo. Isipin na lang natin kung anong paghihirap at kahihiyan ang naranasan niya habang pinagdadaanan ito. Nang sa wakas ay nakilala niya si Jesus, nakaranas siya ng kalayaan at kaligtasan na talagang kailangang-kailangan niya. Naging isa siya sa mga disipulo ni Jesus, sumusuporta sa Kanyang gawain, tulad ng ibang kababaihan, *mula sa mga ari-arian nila* (Lucas 8:3), at sumunod sa Kanya hanggang sa Kanyang kamatayan. Kung iisipin mo ang sarili mong paglalakbay kasama si Cristo, anong mga sandali nang kalayaan at pagbabago ang nakikita mo? Paano ka tumutugon sa ginawa ni Cristo para sa iyo?

## 2 Unang nagpakita si Jesus kay Maria na taga-Magdala pagkatapos Niyang mabuhay muli.

*[13]Tinanong nila si Maria, "Babae, bakit ka umiiyak?" Sumagot siya, "May kumuha sa Panginoon ko, at hindi ko alam kung saan siya dinala." [14]Pagkasabi nito'y lumingon siya at nakita si Jesus na nakatayo, pero hindi niya nakilala na si Jesus iyon. . . . [16]Sinabi ni Jesus sa kanya, "Maria!" Humarap si Maria kay Jesus at sinabi sa wikang Hebreo, "Rabboni!" (Ang ibig sabihin ay "Guro".)*
**JUAN 20:13–14, 16**

Nang makita niya ang libingan na walang laman, agad na sinabihan ni Maria ang mga disipulo. Umiyak siya sa libingan dahil ang akala niya ay may kumuha sa katawan ni Jesus (Juan 20:11, 13). Hindi niya alam na ang kinakausap na pala niya ay si Jesus mismo (Juan 20:15). Nang tawagin siya ni Jesus sa kanyang pangalan at sinadyang unahin siyang kausapin bago ang mga disipulo, doon pa lang napagtanto ni Maria kung sino ang kausap niya. Sa lahat ng sumusunod kay Cristo, kilala Niya tayo sa ating mga pangalan at sadya ang mga plano Niya para sa atin. Paano mo ito naranasan sa buhay mo?

## 3 Tinawag ni Jesus si Maria na taga-Magdala na maging pinakaunang saksi sa Kanyang muling pagkabuhay.

*[17]Sinabi ni Jesus, "Huwag mo akong hawakan, dahil hindi pa ako nakakabalik sa aking Ama. Pumunta ka sa mga kapatid ko at sabihing babalik na ako sa aking Ama na inyong Ama, at sa aking Diyos na inyong Diyos." [18]Kaya pinuntahan ni Maria na taga-Magdala ang mga tagasunod ni Jesus at ibinalita sa kanila na nakita niya ang Panginoon. At sinabi niya sa kanila ang mga ipinapasabi ni Jesus.* **JUAN 20:17–18**

Sa panahon at kultura na kinabibilangan ni Jesus noon, ang mga babae ay hindi itinuturing na kapanipaniwala o mapagkakatiwalaan. Walang halaga ang kanilang mga salita, at malamang ay hindi sila mabibilang na kasama sa mga disipulo o tagasunod ng kahit na sinong tagapagturo. Gayunpaman, malinaw na walang binabalewalang disipulo si Jesus, lalaki man o babae. Makikita natin sa mga pagkikita nina Maria at Jesus, na si Maria ay binago mula sa pagiging api tungo sa pagiging isang tagasunod ni Jesus. Lakas-loob pa niyang pinatotohanan kina Simon Pedro at Juan ang tungkol sa libingang walang laman, at pinaniwalaan nila ang kanyang salita. Ibahagi kung paanong ang sarili mong buhay ay nagbago nang makita mo si Cristo.